

1

Medyo malayo pa ang lalakaran ni Samantha mula sa malaking gate patungo sa bahay ng mga Marcellano. Kilala na siya ng guard doon kaya pinapasok na siya. Napakalawak ng bakuran ng mala-Italian villa, may magandang garden, lawn, basketball half-court at swimming pool.

Tumikhim siya at inayos saglit ang buhok bago nag-doorbell sa pinto. Ngunit hindi niya inaasahan ang nagbukas sa kanya niyon. She was expecting Lorna, ang kasambahay ng mga Marcellano na kapalagayan niya ng loob, or her Prince Charming, Peter Allen, ang panganay na anak ni Governor Patricio Marcellano.

“Bakit?” tanong sa kanya ng malamig pa sa Alaska na boses. Malamig din ang mga matang nakatingin ito sa kanya, bakas ang pagkainip sa mukha.

He is Patrick Vann, nakababatang kapatid ni Allen at kasing- edad niya.

“Nandiyan ba si Allen?” tanong niya rito, pilit itinatago ang pagkadismaya.

“Wala.” Saglit itong tumingin sa dala-dala niyang food container. “Bakit nga?”

“Gusto ko lang ibigay ito sa kanya.”

“Ano ’yan?”

Hindi na niya napigil ang inis. Kahit kailan, arogante talaga ang gagitong ito! “Wala ka na d’un. Para ito sa kuya mo. O, pakibigay na lang.”

Hindi naman nito agad inabot ang food container.

“Brownies ito, gawa ko.”

Humalukipkip ito. “Gusto mo ba kaming maging diabetic sa bahay na ito? Last week, *tiramisu* ang binigay mo dito at nilanggam ang tiyan ko sa sobrang tamis.”

“Eh, sino ba’ng nagsabing kumain ka n’un? Exclusively for Allen only ang mga ibinibigay kong pagkain dito, ’no?” pagtataray niya.

Ngumisi si Vann, nakakaloko. “Hanggang ngayon ba’y pinapantasya mo pa rin ang kuya ko? Hindi ka papatulan n’un, Neneng!”

Aba’t—! “Huwag mo nga akong tawaging Neneng, magkaedad lang tayo, Totoy!” ganti niya.

“Ang liit mo kasi, mukha ka lang ten years old,” pang-aasar nito, pinasadahan pa siya ng tingin mula ulo hanggang paa.

“Eh, ikaw? Sa payat mong ’yan, mukha kang nasa Grade Two! Hindi ka pa siguro tuli, ’no?”

Natigilan ang kaharap. Nagbunyi naman siya sa loob-loob.

Asar-talo!

Pero bumira uli ito. “For your information, baby pa lang ako, pina-circumsize na ako ng tatay ko!”

Tinaasan niya ito ng isang kilay. “Talaga lang, ha?”

Hinawakan nito ang garter ng suot na basketball jersey shorts. “Bakit, gusto mong makita?” hamon nito.

Awtomatikong napatakip sa mga mata niya ang isang kamay. “Bastos!” tili niya.

Tumawa ito. “Natakot si Neneng!” Pagkuwan ay pahalbot na kinuha nito ang food container mula sa kamay niya. “O, makakaalis ka na. Tsupi!” taboy nito sa kanya at halos ibalibag ang pinto sa mukha niya.



Kadarating lang ng mommy ni Samantha galing trabaho. Ito ang Operations Manager ng isang malaking beach resort, hotel and spa—ang *Escape*. Pag-aari ito ng mga Marcellano. Si Allen ang Chief Executive Officer doon. Bagaman, kaga-graduate lang ng binata ng Business Administration, marunong na itong magpatakbo ng negosyo.

Hiwalay na ang kanyang mga magulang. Sa England naninirahan ang kanyang daddy at may iba nang pamilya roon. Pero patuloy siya nitong sinusupportahan financially. Gusto nga siyang kunin nito sa England ngunit ayaw pumayag ng kanyang

ina.

Sumunod siya sa mommy niya hanggang sa kuwarto nito.

“Mom, maganda ba ako?” mayamaya ay tanong niya habang nakaharap ito sa salamin at nagtatanggal ng makeup.

“Oo naman, mana ka yata sa akin.”

“Kung maganda ako, bakit hanggang ngayon hindi pa rin ako nililigawan ni Allen?”

Naiiling na humarap sa kanya ang ina. “Anak, puppy love lang ’yang nararamdaman mo kay Allen. Lilipas din iyan, believe me.”

“Gusto ko siyang maging boyfriend someday,” pagtatapat ni Samantha.

Bata pa lang siya ay itinangi na niya sa puso si Allen. Mabait ito at gentleman; matalino rin, idagdag pa na ubod ng guwapo. Para itong isang male character mula sa romance novels na nabigyan ng buhay.

Lumapit sa kinauupuan niyang kama ang ina. “Well, who knows, someday, baka nga ligawan ka niya. Bata ka pa naman kasi, Sam.”

Parang nabuhayan siya ng loob sa narinig. “So, you mean, pag naging adult na ako, liligawan na ako ni Allen?”

“Ah, hindi natin masasabi ’yan. Ang nasisiguro ko lang

ngayon, Allen is single. Wala yatang panahon sa pakikipag-date ang pobre dahil sa trabaho.”

Hindi na nga rin niya gaanong nakikita si Allen sa bahay ng mga Marcellano mula nang maging CEO ito ng *Escape*. Madalas siya noon sa villa; nakikipaglaro ng scrabble o monopoly sa binata, kung minsan, nagpapaturo sa Math. Actually, hindi siya talaga mahina sa subject na iyon, ginawa niya lang iyong alibi upang mapalapit sa kanyang minamahal.

Suko hanggang langit ang paghanga niya kay Allen. Paghangang nang lumaon ay nauwi sa pag-ibig. Puppy love lang daw iyon, laging giit ng kanyang mommy, pero hindi. Deep down in her young heart, alam niyang umiibig siya nang lubos kay Peter Allen Marcellano.

Bago siya natulog nang gabing iyon ay tumawag siya kay Lorna at kinamusta ang brownies na bigay niya kay Allen.

“What!” nanlalaki ang mga matang bulalas niya.

Iyong mga brownies na pinaghirapan niyang i-bake, kinain daw lahat ni Vann! *The nerve! Hopeless case na talaga sa kasamaan ng ugali! Nakaka-alta presyon!*

“Shit talaga sa earth ang gagitong iyon! Sana kidnap-in siya ng mga aliens at itapon sa Pluto, wish ko lang!” gigil na sabi niya.

“Hay naku, sinabi mo pa! Sobrang tigas ng ulo at napakakalat pa sa bahay,” dagdag naman ni Lorna. “Ewan ko ba kung saan

nagmana 'yan. At 'eto pa, Sam, sinabon siya nang sinabon at halos ikinula sa ilalim ng buwan ng kanyang Papa Dear kani-kanila lang.”

“Bakit?”

“Eh, ang bababa daw kasi ng grades.”

Napaikot ang mga mata niya. “Paano puro barkada at lakwatsa ang alam gawin.”

Classmate niya si Vann sa ilang minor subjects. At halos hindi ito pumapasok sa mga iyon. Hindi nga niya alam kung paano ito pumapasa sa klase.

“Ay, korek ka diyan! Hayun nga, naglayas na naman. Ewan kung saan nagpunta.”

Natapik niya ang noo. Sakit talaga sa ulo ni Governor Marcellano ang anak na si Vann. Pasaway kasi kahit kailan kaya madalas pagalitan. Hindi ito katulad ni Allen na sinusunod lahat ng bilin ng ama. Isang mabuting anak ang kanyang Prince Charming.

“Sige, Lorna, I'll hang up na. Maaga pa ang klase ko bukas,” paalam niya sa kausap.

“Okidoki, Sam. Hayaan mo, iti-text kita pag umuwi na rito ang prinsipe mo.”

“Okay, thanks. Babu!”

Falling For Vann - Yumi Sagara

Humiga siya sa kama, tinitigan ang larawan nila ni Allen sa picture frame sa bedside table. Kuha iyon sa isang malaking open pavilion sa *Escape*, noong graduation party ng binata sa college. He was smiling widely, pero parang hindi umabot sa mga mata nito ang ngiti. Malamlam ang mga iyon. Still, she found those eyes alluring.

Nasa lahi yata ng mga Marcellano ang pagiging guwapo. Na-meet na niya lahat ng mga pinsan ng binata, lahat ay may kani-kaniyang good looks. But for her, si Allen pa rin ang pinakaguwapo sa mga iyon.

Sabi ng kanyang mommy, may sariling private suite daw ang binata sa *Escape* kaya hindi na ito masyadong umuuwi sa villa. And that made her sad. Bawas na ang chances niya para laging makapiling si Allen. Pero pasasaan din ba at makakasama niya rin ito sa trabaho. Pagkatapos niya ng college, sa *Escape* siya papasok.

Sakay ng kanyang *Yamaha* motorcycle ay mabilis na naglalakbay sa kalsada ng Rosario si Vann. Pumasok siya sa area kung saan siya madalas mag-motocross. At doon mas lalong pinasibad ng takbo ang motor. He learned the sport from his Uncle Thomas, ang youngest brother ng papa niya. Pag-aari rin nito ang malawak na loteng iyon.

Ang kanyang ama naman ay hindi sang-ayon sa hilig niyang iyon. Actually, matagal na siyang sinabihan ng gobernador na

ihinto ang sport na iyon, ngunit matigas ang kanyang ulo. Idagdag pa ang kunsintidor niyang tiyuhin.

Hindi niya talaga kailanman masakyan ang utak ng kanyang ama. Paano, lahat ng gawin niya ay mali para rito. Ang Kuya Allen na lang niya ang laging tama, ang palaging magaling para kay Patricio Marcellano. And he hated it.

He hated the fact na nang magsabog ng talento ang Diyos ay nasalo lahat iyon ng nakakatandang kapatid. Allen was good in dancing, singing, playing the piano and guitar. Nakakapag-compose din ito ng mga awitin, hindi nga lang nito ginagawang career. At matalino rin ito; *cum laude* nang magtapos ito sa kolehiyo. At talaga namang ipinagmamalaki ito ng kanyang ama sa lahat ng tao. Samantalang siya, puro kahihiyang na lang yata ang dulot niya sa pamilya nila! Paano, lahat ng mga pinsan niya'y talented din at matatalino gaya ng kuya niya. Tulad na lang ng tatlong anak ng kanyang namayapang Uncle Dominador. Soon, magiging titulado na ang lahat ng mga ito. Si Luke ay nasa Medicine proper na at abogasya naman ang kinukuhang kurso ni JC. Ang bunsong kapatid ng mga ito na si Casey ay Architecture ang kurso.

Gaya ng kanyang inaasahan, nadatnan ni Vann na nagmomotocross doon ang kanyang Uncle Thomas. Kumaway ito pagkakita sa kanya habang nasa ere at pinapatalon nang mataas ang motorsiklo.

Matandang binata ang kanyang uncle, masyadong enjoy

sa buhay kaya hindi na nag-asawa pa. May mina-manage din ito na sariling cars and motorcycles dealership business at balak magpatayo ng resort sa Palawan.

Mayamaya pa ay nagkakarera na sila nito. Nang mapagod ay tumuloy sila sa isang bar. Ngunit hindi siya pina-order ng alak ng tiyuhin. Cranberry juice tuloy ang iniinom niya.

“Sa bahay mo ako matutulog ngayong gabi, Uncle,” aniya rito.

“Vann, aawayin na naman ako ng ama mo niyan, eh,” iilingiling na sagot naman nito.

“Hindi ko na talaga siya masakyan, habang tumatanda’y lumalala ang temper.”

“Well, that’s the patented Marcellano temper,” natatawang anito. “Trust me, I know. Pinurga din ako ng sermon ng iyong namayapang lolo n’ung kabataan ko.”

Hindi siya umimik.

“Bakit kasi hindi ka mag-aral nang mabuti, Vann? Napakatalino mong bata pero tatamad-tamad ka sa studies mo.”

“Sa hindi ako interesado sa tinuturo sa university na iyon, eh. Isa pa, hindi naman ako bumabagsak,” nakasimangot na dahilan niya. Hindi niya gusto ang kursong Business Administration. Pinasok niya lang iyon para magkaroon ng college degree balang-araw.

“Ano ba kasi ang interes mong bata ka?”

Napaisip siya bigla. Actually, wala yata siyang kapangapangarang sa buhay. “Well, to live my life to the fullest, gaya mo,” pagkuwan ay tugon niya.

Natawa si Thomas. Pagkatapos ay tinapik-tapik siya nito sa balikat. “Kid, you don’t have any idea what real life is.”

“Uy, mukhang kanina pa masaya ang prinsesa. Parang alam ko na kung bakit,” puna sa kanya ni Ginny. Nagmemerienda sila noon sa cafeteria ng unibersidad habang vacant period nila.

“Hinatifid ako dito ni Allen,” kinikilig na sabi niya. Parang gusto pa yata niyang tumili nang pagkalakas-lakas sa sobrang tuwa at kilig.

Naghihintay siya ng sasakyan patungong school nang matanaw siya ng binata na sakay ng kotse nito. Kinamusta rin nito ang lessons niya at nang sabihin niyang nahihirapan siya sa College Algebra ay nagprisinta itong magtuturo sa kanya sa susunod na weekend.

“Sabi ko na nga ba. Si Peter Allen Marcellano lang naman ang nagpapasaya sa ’yo nang ganito.”

“Tumpak!”

High school pa lang sila ay kaibigan na niya si Ginny. Pareho

rin silang Hotel and Restaurant Management ang kinukuhang kurso. Wala siyang itinatago sa kaibigan, alam nito lahat ng detalye sa buhay niya.

“Sam, ayoko sanang sirain ang araw mo pero...” Nagbuga ng hangin sabay iling si Ginny. “Iyong kapatid ng prinsiphe mo at iyong barkada niya, narinig ko kaninang pinag-uusapan ka sa hallway.” Napaangat ang isang kilay niya. “Tungkol sa pag-ayaw mong maging muse ng department natin sa Intramurals.”

“And?” Isang dangkal pa ang iniangat ng kilay niya.

“Narinig kong sinabi ni Vann, kaya daw ayaw mong maging muse kasi mukha ka raw lalaki!”

“A-ano!”

“Dispalinghado daw ang legs mo at flat ang iyong hinaharap.”

Napanganga siya sa narinig. “T-the nerve! Ang kapal ng mukha ng gagitong iyon na lait-laitin ako!” Maikli nga ang buhok niya, pero hindi naman iyon gupit-lalaki. At hindi pangit ang legs niya. Hindi lang niya masyadong idini-display iyon sa labas ng bahay. And her chest? Well, she was just barely seventeen. Pasasaan ba’t lalaki rin ang mga iyon, ano!

“Pinagtawanan ka ng buong barkada niya, Sam,” balita pa ni Ginny.

“Ano ba’ng problema ng gagitong iyon sa pag-ayaw kong maging muse? Sa ayaw kong ini-exploit ang beauty ko, eh.”

Falling For Vann - Yumi Sagara

Nakakagigil na talaga ang gagitong iyon! Nakakasaid ng pasensya. Ang sarap balatan nang buhay!

Nasira tuloy ang appetite niya. Nawalan na siya ng ganang ipagpatuloy ang pagkain ng cheeseburger. “I hate him to death!” buong-gigil niyang sabi kuntodo-kuyom pa ang mga palad.

“Don’t you think kailangan mo ring mapalapit sa kanya kung gusto mong magkatuluyan kayo ni Allen balang-araw?” pabirong anang best friend niya.

Nanlaki ang mga mata niya at butas ng ilong. “No way na maging close kami ng gagitong ’yun! That guy is so impossible, Ginny! Napakasungit, ubod ng suplado, arogante, mayabang, antipatiko, irresponsable, ingrato...” Gosh, naubusan na siya ng adjectives!

Kahit kailan, hindi talaga sila magkasundo ni Patrick Vann Marcellano. Kahit pa noong mga paslit pa sila, lagi na silang nag-aaway. Kahit na mumunting bagay, pinagtatalunan nila. Lagi pa itong nang-iistorbo sa kanila ni Allen tuwing nagsosolo silang dalawa sa villa.

Ewan! Allergic yata sila sa isa’t isa. Aso’t pusa siguro sila noong kanilang past lives. Hindi pala. Dahil kung aso siya noon, si Vann naman ay isang malaking garapata! Dahil peste kung ituring niya ito sa buhay niya.

Paglabas nila ni Ginny ng cafeteria ay namataan niya ang lalaking kinaiinisan. Nakaupo ito sa damuhan, kasama ang mga

kabarkada.

Bago pa siya napigilan ng kasama, sumugod na siya sa kinaroroonan ni Vann. “Hoy, lalaki!” bulyaw niya rito hindi pa man siya nakakalapit nang tuluyan.

Lumingon ito sa kanya, maging ang kaibigan nito.

Rumatsada na ang bibig niya. “Ang kapal ng mukha mong lait-laitin ako! Bakit, ano ba sa tingin mo ang hitsura mo, ha? Hindi ka guwapo, ’no?” Pinagduduro niya ito. “Ni wala ka sa kalingkingan ng kuya mo! Sa katawan pa lang, wala ka nang binatbat! Hitsura mo lang! Mukha kang anorexic na tutubing karayom!” Hindi na nakuhang makapiyok ni Vann dahil bumira na siya ng alis kaagad.

Narinig niyang kinantiyawan ito ng mga kabarkada nito.

“Vann, pahiram nga ng notes mo sa English,” ani Charles sa kanya. Ito ang pinakamalapit sa kanya sa buong barkada.

Palabas ito ng library kung saan ito nagpa-part-time bilang Student Assistant nang mamataan siya. Classmate niya ito sa English at Filipino.

“Nang-aasar ka ba, P’re? Alam mo namang walang laman ang mga notebooks ko!” angil niya rito.

Tumawa si Charles. “Bilib na ako sa ’yo. Hindi ka nagte-

take note sa mga lessons natin, pero pumapasa ka pa rin sa mga exams. Nasa lahi yata ng mga Marcellano ang pagiging henyo, ah.” Sumabay ito sa kanya ng lakad.

Napasimangot siya. Hindi niya gustong naikakabit ang pangalan niya sa mga achievements ng pamilya Marcellano. Dahil kung tutuusin, siya ang black sheep ng kanilang angkan. Matatagumpay lahat ang mga kamag-anak niya: namatay na isang senador ang kanyang lolo, mayayamang negosyante at titulado ang mga kapatid ng kanyang ama, ang mga pinsan niya ay puno sa pangarap sa buhay. Maging ang triplets na pinsan niyang sina Kent, Parker at Wayne na nasa third year high school pa lang ngayon ay sigurado na sa tatahaking landas sa buhay. Ang mga ito ang magmamana ng malaking construction company ng mga magulang. Isa pang talented na pinsan niya ay si Froilan, matanda siya rito ng isang taon. Bata pa lang ay sumabak na ito sa photography. Nine years old ito noon nang unang magkaroon ng exhibit. Smart and talented din ang younger sister nitong si Raven. Pupunta na ang huli sa Paris upang doon mag-aral ng fashion design.

He shook his head. Hindi niya talaga alam kung saan patungo ang kinabukasan niya.

“P’re, salamat pala sa bigay mo. Nakapagpa-check-up na ako,” pagkuwan ay sabi ni Charles.

“Ano’ng result?” tanong niya.

“Hindi pa matukoy kung ano ba talaga’ng sakit ko. Kailangan daw ng MRI for further analysis,” malungkot na balita nito.

Matagal na niyang kinukulit ang kaibigan na magpatingin sa doktor mula nang lumala ang pagsakit-sakit ng ulo nito, kaso lagi itong tumatanggi. Hindi mayaman ang pamilya nito at talagang wala itong extra money para magpagamot. Last week, binigyan niya ito ng pera para makapagpa-check-up. Umaatikabong kulitan pa ang naganap bago nito tinanggap iyon.

“Hayaan mo, hihiram ako ng pera sa kuya ko—”

“P’re, hindi mo naman ito kailangang gawin.”

“I insist. Don’t worry, maraming pera si Kuya at hindi niya ako mahihindian!” nakangising sabi niya. Idadahilan niya na lang sa kapatid na kulang ang ibinibigay na allowance sa kanya ng kanilang papa. Babayaran niya na lang ito kapag nagkaroon na siya ng karapatan sa perang iniwan sa kanya ng mama nila. Ipagkakaloob lang ng ama ang right niya roon pagtuntong niya sa edad na eighteen.

“Mabait talaga ang kuya mo, ano?”

“Ah, oo. Matalino pa, talented at dakilang anak.” Ewan niya kung nahalata ni Charles ang bitterness sa kanyang boses.

“Kaya pala dead na dead sa kanya iyong magandang kababata mo.”

Lalong kumulimlim ang mukha niya . “Yup! Superhero

yata ang tingin niya sa kuya ko.”

“Teka, di ba, naging batang bayani siya noon? May sinalba siyang bata sa pagkalunod sa beach noong thirteen years old pa lamang siya. Nasa national newspaper pa ’yun, ha!”

Hindi na lang nagkomento si Vann. Ayaw na ayaw niyang ipinapangalandakan sa kanya ng buong mundo kung paano nakakalamang si Allen sa kanya sa lahat ng bagay.

“O, hindi lang pala mga henyong lahi n’yo. Pang-*Justice League* din ang dating!” natatawa pang dagdag ni Charles.

Dumating ang araw ng Sabado. Excited si Samantha na nagpunta sa villa. Sa garden sa tabi ng pool sila pumuwesto ni Allen at inumpisahan na siya nitong turuan sa College Algebra. Hindi siya nakikinig sa tutorial nito, nakatitig lang siya sa guwapong mukha ng binata.

Nagulat sila pareho nang may biglang nag-dive sa swimming pool. Napatirik ang kanyang mga mata nang mapagsino iyon.

Umangat mula sa tubig ang ulo ni Vann. “O, Kuya, may lahing Intsik pala ang manliligaw mo. Tanghali kung maningalang-pugad, ah!”

Ramdam niyang pinamulahan siya ng magkabilang-pisngi. Nakakahiya kay Allen! Ngayon lang siya lantarang tinukso ni Vann tungkol sa feelings niya sa kapatid nito sa harap mismo ng

lalaking tinatangi.

Nakangiti naman si Allen. “Bro, leave us alone for a while. Kailangan namin ng privacy.”

“Eh, hindi naman ’yan nakikinig sa ’yo!” ani Vann. “Gusto ka lang niyang makapiling kaya kunwari nagpapaturo siya sa ’yo sa Math.”

Kumulo ang dugo ni Samantha. Pinukulan niya ng tingin ang kaedad na lalaki, isang tinging matalim pa sa samurai ni Uma Thurman sa *Kill Bill*. *Namemersonal na talaga ang gagitong ito! Sarap lunurin sa pool!*

“Vann, please,” saway rito ni Allen.

Pinigil niya ang pagbukas ng bibig. Ayaw niyang makipag-away kay Vann sa harap ng kuya nito. Nakakahiya na. Baka sabihin ni Allen, para pa rin siyang batang nakikipagpikunan kay Vann.

“Fine!” sabi ng nakababatang lalaki saka umahon mula sa pool.

“Pasensya ka na sa utol ko,” parang nahihiyang ani Allen nang makaalis ang kapatid.

“Okay lang,” ani Sam sabay kibit ng mga balikat. “Hindi yata siya nagmana sa inyo ng papa mo.”

“Why, ano ba kami ni Papa sa tingin mo?” nakangiting

tanong nito.

“Well, you’re both super friendly,” sagot niya. “At parehong guwapo,” di-napigilang dagdag niya.

Napatawa si Allen.

Nahihiya namang napatungo siya. *Gosh, obvious na yata talagang in love ako sa kanya!*

Ipinagpatuloy nila ang pagtuturuan hanggang sa dalhan sila ni Lorna ng merienda. Napansin niyang nakatitig ang binata habang kumakain siya ng spaghetti. May dumi ba siya sa mukha? Nako-conscious tuloy siya.

“Sam...” pagkuwan ay anito.

“Y-yes?” Nag-angat siya ng ulo mula sa kinakain.

“May boyfriend ka na ba?”

Pakiramdam niya ay may mga nagkakarerang kabayo sa dibdib niya. “W-wala pa naman.” She held her breath sa susunod na sasabihin nito.

“Well, good,” kaswal na saad nito. “Bata ka pa kasi. You’re still too young for love.”

Bokya! Akala pa naman niya....

Hindi niya napigil ang sariling mapabuntong-hininga. Wala talaga yata siyang pag-asa kay Allen.

Falling For Vann - Yumi Sagara

Be optimistic, Samantha Anne! Bata pa raw siya para sa pag-ibig, sabi ni Allen. Malay niya, pagtanda niya nang kaunti saka siya liligawan nito?